GRADE V

# Kabayanihan ng mga Pilipino sa Pagkamit ng Kalayaan

## ALAMIN MO

Ang tagumpay ng People Power 1 ay ang pagpanumbalik sa normal na pamumuhay ng mga Pilipino mula sa kahirapan at paniniil. Nangyari ito dahil sa katapangan at pagkakaisa ng mga tao anuman ang kanyang antas at estado sa lipunan.

Ang larawan sa ibaba ay patunay kung paano ipinakita ng mga Pilipino ang taglay nitong katangian sa pagkamit ng pagbabago sa payapang pamamaraan.



Ipinagmalaki mo ba ang iyong pagiging Pilipino?

Sa mudyol na ito, ay ihahayag mo ang kabayanihan ng mga Pilipino upang makamit ang pagbabago ng bansa.

## PAGBALIK-ARALAN MO

Natatandaan mo pa ba ang mga pangyayari na nagbibigay daan sa People Power 1?

Pagsunod-sunurin ang mga pangyayari na nasa ibaba. Isulat ang reaksyon ng mga Pilipino sa bawat pangyayari. Tukuyin kung ang reaksyon ba ay payapa o marahas.


| | | |
|---|---|---|
| Pagtiwalag ng Militar | Dagliang Halalan o Snap Election | Pagpaslang kay Senador Benigno Aquino Jr. |
| Pagkilos ng Oposisyon | Panawagan ni Jaime Cardinal Sin | |

Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.

## PAG-ARALAN MO

Paano maituturing na isang kabayanihan ang ginagawa ng tao? Bakit tinatawag na mga bayani sina Jose Rizal, Andres Bonifacio at Benigno Aquino Jr.?

1. Sa pamamagitan ng "concept map" ay isulat ang katangian ng isang bayani.



2. Paano ipinapakita ng mga mamamayang Pilipino ang kabayanihan at pagkakaisa upang muling makamit ang kalayaan at karapatan sa panahon ng People Power 1 rebolusyon? Gamitin ang "Graphic Organizaer" sa pagtukoy nito.

Kabayanihan at Pagkakaisa ng mga Pilipino sa Panahon ng People Power 1

## PAGSANAYAN MO

Kung ikaw ay kasama sa mga pumunta sa EDSA para makilahok sa pambansang rebolusyon laban sa pwersa ni Pangulong Marcos, paano mo ipapakita ang iyong kabayanihan sa pagkamit ng kalayaan ng bansa? Isulat ang iyong sagot sa paligid ng larawan na nasa ibaba.



## TANDAAN MO

Ang pagsakripisyo, pag-aalay ng sarili at pagpapakita ng kabutihan sa kapwa at sa paligid maliit man o malaki ay itinuturing na kabayanihan.

## ISAPUSO MO

Pagmasdan muli ang mga larawan na nasa ibaba.





Ang mga katangian ng Pilipino ay higit na hinahangaan ng ibang bansa. Napatalsik ng mga Pilipino sa pamamagitan ng isang mapayapang rebolusyong ang pamahalaang dikatadurya at ang pamumuno ng mga Marcos sa bansa. Bagong pag-asa ang bunga ng pagsasakilos ng sambayanan sa panahong ito.

Ang tagumpay ng rebolusyon ay mula noon hanggang sa kasalukuyan ay naging ehemplo ng ibang bansa sa asya at sa buong mundo sa mga pagkilos nito upang makamit ang pagbabago sa mapayapang paraan.



## GAWIN MO

Gumawa ng isang poster na nagpapakita ng kabayanihan at pagkakaisa ng mga Pilipino sa payapang People Power rebolusyon noong 1986.




## PAGTATAYA

Sumulat ng maikling sanaysay.

Paano mo mapahahalagahan ang kabayanihan at pagkakaisa ng mga Pilipino upang muling makamit ang kanilang kalayaan at karapatan ang bansa?

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Magsaliksik tungkol sa People Power Revolution na naganap noong Pebrero 1986. Sagutin ang tanong: Ano ang kahalagahan ng People Power Revolution sa kasaysayan ng bansa?



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.